**Ang nanay kong tatay raw (part 2 of 4):**
**Di uso ang kloseta sa pamilya**

**By Libay Linsangan Cantor**

Isa sa mga malalaking pag-aalangan ko sa buhay nitong nakaraang taon ay ang muling pagtanggap ng isang nilalang sa puso ko, isang nilalang na may kaakibat ding ilang nilalang sa puso niya. Bad news na naman daw ito, sabi ng ilan. Pero mapipigilan mo ba kung kanino titibok ang puso mo?

Naks! Drama ‛no, parang pelikula lang.

Pero seryoso, ilang beses na kasi akong natanso dati ng ganitong uri ng nilalang, mga single mom na ang ending ng kuwento namin ay hindi maganda. Ang madalas iniisip ng iba, ang nagiging isyu sa ganitong relasyon ay ang mga anak. Sa mga kuwento ko, hindi. Isa akong taong mahilig sa bata, isang guro, tagalikha ng pambatang literatura at media, kaya wala akong prublema sa mga bata. Sa mga nanay nila ako nagkakaprublema in the first place, kasi sila naman talaga ang karelasyon ko. Kaya nga nitong nakaraang taon, biro ng mga kaibigan ko, dapat hindi na daw ako kukuha ng isang ina bilang karelasyon, ever.

But no. Enter frame ang new character sa life ko, playing a crucial role ever: si sweetheart ko.

And lo and behold naman, naging fans ng love team namin ang mga friends kong etchosera. Heto na nga, mag-iisang taon na kami ng aking sweetheart ngayong summer. At ang kaakibat noon ay ang pagsasama ng buhay namin bilang magkabiyak at ang buhay niya bilang ina ng dalawang magti-teenager na bagets.

Noong una, di namin alam kung paano nga ba namin ipapakilala ang sarili namin bilang kami sa mga maliliit na nilalang na ito. Akala namin, kailangan naming gumanap ng roles na pamilyar muna sa mga bagets (i.e. si Mommy at si “friend ni Mommy” na si Tita__), at saka namin ipapakilala ang mga bago naming roles (i.e. si Mommy at ang love niyang si Tita__). Pero sa paglaon, nagulat kami dahil ang mga bagets na mismo ang bumuwag sa mga roles na una naming hinahanda, dahil handa na naman pala sila sa ganitong mga roles ng buhay.

Nagulat na lang ang sweetheart ko sa dialogue nila ni bunso niya noong bagu-bago pa lang kami.

Eksena: summer vacay. Dinalaw namin sa prubinsiya kung saan nagliliwaliw sa mga lolo at lola nila ang mga bagets. Unang beses akong pinakilala sa bunso at feeling close naman agad si ati.

Lokasyon: Nasa kuwarto kami ng beach resort na nirentahan ko. Nagpapahinga muna ang mag-ina bago mag-goodnight sa isa't isa.

Nang kausapin na si bunso ni Mommy niya, laking gulat niya nang diretsuhin siya nito.

Bunso: Mommy, you look different.
Sweetheart ko: Really? How?
Bunso: You look happier.
Sweetheart ko: How can you tell?
Bunso: Your eyes look happier.
Sweetheart ko: Really? Do you know why I look happier?
Bunso: Yes. It's because of your new friend.

Sabay pan right sa genderqueer tomboy na nagsusuklay sa harap ng salamin (ako 'yun teh, medium shot).

Ako namang si "new friend" na accidentally nakiki-eavesdrop sa loob ng kuwarto habang nag-aayos matapos maligo, medyo pumalakpak ang tenga. Mukhang hindi naman pala ganoon kahirap magpakilala sa mga bagets ngayon. Kasi nga, sa panahon ngayon, madali na nilang intindihin kung ano ang mahalaga, at kung ano ang pagkakaiba at pagkakapare-pareho ng bagay-bagay sa buhay. Tulad na lang siguro ng love, o care, at happiness, na napapansin daw nila sa mommy nila ngayong nasa buhay na nila ako, alam na ng mga bagets kung paano kumapa at magbasa ng mga bagay-bagay.

Naks! Oo, talagang ako ang aari niyang happiness na 'yan teh. But kidding aside, ang ganitong uri ng pamilya at samahan ang matagal ko nang hinahanap: kasi ito ay bukas, masaya, at higit sa lahat, wala sa loob ng kloseta. Kung ikukumpara ko kasi ito sa mga dati kong role bilang klosetang partner, napakalaking ginhawa lang kasi na makahanap ng kaulayaw na komportable siya sa sarili niyang balat.

Flashback: Napakalaking pagkakaiba talaga nitong panahon ngayon sa mga dati kong ginampanang role bilang isang kabiyak ng babaeng may anak. Itong single mom na dati kong kaulayaw bago ko nakilala ang current ko, malaki ang prublema niya sa sarili dahil hindi niya mapakilala sa mga anak niya mismo kung sino siya. Kaakibat kasi nito ang pagtatago niya mula sa sarili niyang magulang, kahit na tatlong dekada na siyang nabubuhay sa bahay nila. Sa ilang beses na siyang nagkaroon ng butch na butch na mga karelasyon, hindi pa rin niya maipakilala ang mga partner niya sa mga anak niya, medyo pahapyaw lang at "friend ni mama" lagi ang role. Siyempre, dahil takot siya sa mga magulang niya, tinatago din niya ang mga karelasyong ito sa kanila.

Kaya nang nadatnan ko sila, ganito pa rin ang eksena nila sa buhay: siya bilang breadwinner na nagtatrabaho sa ibang bansa, iniiwan niya ang mga anak niya sa bahay ng magulang niya, at ang pakikipagrelasyon niya ay nagaganap sa labas lang ng bahay nila. Bawal dumalaw nang basta-basta, bawal pumasok sa loob ng bahay kapag nandiyan ang tatay at nanay, bawal siyang lumabas nang matagal sa

gimikan. In short, para akong nakikipag-date sa isang high school girl. Daig pa nga yata ng mga high school ang ex ko na iyon, dahil mas nakakalabas sila at mas bukas sila kesa sa kanya. Pero siyempre, kanya-kanyang kloseta na lang iyan, at iyon ang pinili niyang uri.

Kaya sa paglaon, ako na mismo ang napagod na makipagrelasyon sa loob ng kloseta niya. Marahil ay epektibong palusot sa mga bagets ang "friend ni mama" pero hanggang kelan ang effectivity nito? Bilang minsan, ang ex ko mismo ang nanigas nang tanungin siya ng bunso niya.

Bunso (7 years old): Mama, tomboy ka ba?

Nang di siya makasagot, ang kuya nito ang sumagot, nonchalantly at that, na nakikinig pala sa background.

Kuya (10 years old): Oo, tomboy 'yan.

At wala nang naidulot pa sa conversation ang mama nila kundi ang manigas pa rin.

Nakakatawa dahil hindi na siya nasanay, dati nang magkasama kami at kino-corner na naman kami nitong bagets ay pareho lang naman ang tipo ng dialogue nito sa mga eksenang montage namin sa buhay.

Bunso: Tita, crush mo si mama, 'no? 'No!

Isang beses naman, baligtad ang pang-iintriga ni bagets.

Bunso: Mama, crush mo ba si Tita?

At muli, nanigas na naman ang kanilang ina.

Minsan, simple lang talaga ang eksena sa mga bata. Basta naipapakita mo nang tama at wasto ang iyong sarili, wala naman din silang dadalhing paghuhusga sa sarili mo. Kaya lang, kahit gaano naman kabukas ang mga bata, kung mananatiling sarado ang isipan ng nakakatanda sa kanila, wala rin namang mangyayari at magaganap sa eksena nila, anuman ang eksena na iyon.

Kaya minarapat ko na ring nag-exit frame sa eksenang iyon, hindi dahil sa mga bagets o sa paninigas ng ex ko sa klosetang gustong-gusto niyang tirahan, kundi sa marami pang bagay at isyu na nadiskubre ko sa kanya sa paglaon. Pero ibang kuwento pa iyon. Saka na lang.

Cut to: current time.

Kaya masaya ngayon at nakatagpo ako ng isang co-star na kahalintulad ko sa maraming bagay: bukas ang isipan, matibay ang loob sa paninindigan, masarap kausap at masarap kaulayaw, at masayang kakulitan sa buhay. Minsan talaga, ang patok sa takilya ay ang chemistry ng tambalan ng dalawang bida, anuman ang mga

eksenang pinanggalingan nilang dalawa sa buhay. Ang mahalaga naman ay kung saang eksena nila gustong patunguhin -- at palaguin -- ang kuwento nila, gender roles and gender binaries aside.

But that’s for the next scene na lang muna. //

*Libay Linsangan Cantor is an award-winning Manila-based queer writer, media practitioner and gender advocate. Email her at leaflens@gmail.com. She blogs at* Culture Popper Leaflens *and tweets as @Leaflens. She answers queer-related queries at her* Askfm leaflens *site.*

Photos by the author. Some rights reserved.